REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
Meralco Avenue, Pasig City

OFFICE OF THE SECRETARY

Marso 23, 1998

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 111, s. 1998

## PAMBANSANG SEMINAR SA WIKANG FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Tagamasid Pampurok

1. Ang Pambansang Samahan sa Linggwistikang Filipino, Ink. (PSLF) sa pakikipagtulungan ng Komisyon sa Wikang Filipino ay magdaraos ng Pambansang Seminar sa Wikang Filipino sa Abril 23-25, 1998 sa Maceda Hall, Pamantasang Normal ng Pilipinas, Taft Avenue, Maynila.

2. Ang tema ng Pambansang Seminar ay "Ang Wikang Filipino: Daluyan ng Pandaigdigang Impormasyon".

3. Pagkatapos ng seminar, inaasahang:

a) Maitataas ang kalagayan ng Filipino bilang daluyan ng pandaigdigang impormasyon.

b) Tiyak

1. mapataas ang kamulatan ng mga kalahok sa kahalagahan ng Filipino bilang behikulo ng ugnayang pambansa;

2. mapalawak ang kaalamang kultura sa pamamagitan ng Filipino;

3. makukuha ang suporta ng medya sa pagtatamo ng pambansang adhikaing pangwika;

4. mapaunlad pa ang pagtuturo ng Filipino; at

5. mabibigyang kahulugan ang pananaliksik sa Wika at Panitikan.

4. Ang dapat dumalo sa seminar na ito ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor/tagapag-ugnay/tagapangulo sa Filipino, mga guro ng mga paaralang elementarya at sekundarya pribado man o publiko. Nasa pagpapasiya ng direktor ng rehiyon ang pagdalo ng isang delegado sa naturang seminar.

5. Manggagaling sa pondong lokal ang bayad sa transportasyon mula sa pinanggalingang paaralan o tanggapan hanggang sa lugar ng seminar at pabalik; gayundin ang dalawang libong piso (P2,000.00) bilang bayad ng bawat kinatawan para sa mga handout, sertipiko, honorarya ng mga ispiker, anim (6) na miryenda, tatlong (3) pananghalian at iba pang gastos kaugnay ng seminar sa pasubaling may pondo at sasailalim ng kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.

6. Mangyaring magpadala ng reserbasyon o tumawag sa telepono upang makatiyak ang bilang ng mga dadalo kay:

DR. CLEMENCIA C. ESPIRITU
Executive Director, PSLF
c/o Pamantasang Normal ng Pilipinas
Taft Avenue, Maynila
Tel. No. 527-03-65

o kay

DR. CANDELARIA CUI-ACAS
Nanunungkulang Kalihim at Ingatyaman, PSLF
c/o Komisyon sa Wikang Filipino
Watson Building, 1610 J.P. Laurel St.
Malacañang Palace Complex
San Miguel, Maynila

7. Hinihiling ang malawakan at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

ERLINDA C. PEFIANCO
Kalihim

Sanggunian: Wala
Pamumudmod: 1--(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

LANGUAGE
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS